



Thriving in Place Survey sa Pagtatantiya ng Mga Pangangailangan ng Komunidad sa Teknolohiya

Ang Thriving in Place (Pag-unlad sa Lugar) ay nagsasagawa ng survey sa buong lungsod para sa Pagtatantiya ng Mga Pangangailangan ng Komunidad para maunawaan ang mga hadlang sa teknolohiya at mga pangangailangan ng mga residente ng SF na may mga kapansanan at mas matandang nasa hustong gulang (may edad na 60+) sa panahon ng COVID-19. Ang mga resulta ng pag-aaral ay ibabahagi sa Department of Disability and Aging Services (Kagawaran ng Mga Serbisyo sa May Kapansanan at Matanda, DAS) at sa Mayor's Office on Disability (Opisina ng Alkalde para sa Kapansanan, MOD) bilang bahagi ng Pagtugon sa COVID-19 sa San Francisco.

Nangangalap ang survey na ito ng mungkahi mula sa komunidad upang ipaalam ang pamamaraan ng Lungsod sa pagpapalawak ng access sa Internet, mga aparato at suporta sa karunungan tungkol sa teknolohiya (digital literacy) na kinakailangan para ang mga residente ay makakuha ng impormasyon, maka-access ng mga serbisyo, patingnan ang kalusugan online, kumonekta sa pamilya at mga kaibigan at para lumahok sa mga aktibidad online.

Kung ikaw ay isang taong may kapansanan, mas matandang nasa hustong gulang (60+), kabataan na nasa edad ng transisyon (18-24), beterano, isang taong nakakaranas kawalan ng tirahan, o magulang ng isang batang may kapansanan, gusto naming may malaman mula sa iyo!

Kung gusto mong makakuha ng tulong sa pagsagot ng survey na ito, o kung gusto mong mag-iskedyul ng survey sa pamamagitan ng telepono, paki-email ang DigitalEquity@tipsf.org o tumawag sa **415-593-8129**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Thriving in Place at sa proyekto ng Pagtatantiya sa Pangangailangan sa Teknolohiya, makipag-ugnayan sa amin sa DigitalEquity@tipsf.org, o bisitahin kami online www.tipsf.org/digital-equity

Pakitandaan na lubos na boluntaryo ang survey na ito at mananatiling kumpidensyal ang lahat ng impormasyong ibibigay mo. Puwede mong laktawan ang anumang tanong na hindi mo gugustuhing sagutan.

Kumpletuhin ang survey na ito upang maipasok sa raffle at manalo ng isang \$50 Gift Card!

Mangyaring ipadala ang survey na ito sa:

Thriving in Place, 832 Folsom St, 9th floor, San Francisco, CA 94107.

O iwanan ito sa Dropbox sa inyong housing site.

SEKSYON 1: Tinatanong ng unang seksyon na ito ang tungkol sa iyong access sa mga aparato (tulad ng mga computer, tablet o smartphone) at ang Internet.

Anu-anong uri ng mga aparato (tulad ng mga computer, tablet o smartphone) ang mayroon kang access? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Wala akong access sa anumang mga aparato, kailangan ko ng computer o smartphone
- Smartphone (tulad ng iPhone o Android)
- Tablet (tulad ng iPad)
- Desktop computer
- Laptop
- Aparato na ibinigay ng paaralan
- Flip phone
- Nanghihiram ako ng device sa isang kaibigan o pamilya
- Telepono/landline sa bahay
- Ayoko ng aparato
- Iba pa: _____

Paano ka nakaka-access sa Internet? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Sa pamamagitan ng pampublikong WiFi hotspot (sa labas ng aklatan o kapehan)
- Nakakatanggap ako ng libreng Internet
- Nagbabayad ako para sa may diskuwentong Internet
- Nakakatanggap ako ng libreng Internet mula sa aking gusali
- Mayroon akong Internet data plan sa smartphone
- Gumagamit ako ng WiFi hotspot na ibinigay ng paaralan
- Nagbabayad ako para sa broadband Internet
- Wala akong anumang access sa Internet
- Hindi ko alam
- Iba pa: _____

Kung sa kasalukuyan ikaw ay walang Internet, magiging interesado ka bang magkaroon nito? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Oo
- Hindi
- Hindi naaangkop, may Internet na ako

Bago magkaroon ng COVID-19, gumamit ka ba ng pampublikong computer lab bilang pangunahin mong pinagkukunan ng Internet (tulad ng sa isang aklatan, community center o iba pang tech lab)?

- Oo
- Hindi

Paano nagbago ang pangangailangan mong gumamit ng teknolohiya simula nang magkaroon ng COVID-19?

- Lubhang nadagdagan
- Nadagdagan
- Hindi nagbago
- Nabawasan
- Lubhang nabawasan

SEKSYON 2: Tatanungin ng seksyong ito ang tungkol sa iyong access sa mga serbisyo sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Anu-ano ang mga serbisyong pinaka naging kailangan mo sa panahon ng pandemyang COVID-19? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Impormasyon tungkol sa lokal na pagtugon sa COVID (access sa bakuna, PPE, mga alituntunin para manatili sa bahay)
- Access sa mga serbisyo o pampublikong pagpupulong ng Lungsod
- Access sa pagkain
- Tulong sa pabahay
- Mga pansuportang serbisyo sa tahanan
- Tulong sa trabaho
- Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o serbisyong medikal
- Pagsasanay sa computer/teknolohiya
- Impormasyon sa transportasyon
- Mga serbisyo at programa na may kaugnayan sa kapansanan
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Tulong ng abugado
- Mga serbisyo tungkol sa imigrasyon
- Mga serbisyo at programa para sa kabataan na nasa edad ng transisyon
- Mga serbisyo at programa para sa pamilya
- Mga tulong na programa para sa pag-aalaga ng bata
- Mga serbisyo na nasa aking wika
- Mga serbisyo sa mga beterano
- Mga serbisyo para sa karahasan sa tahanan
- Iba pa: _____

Naging hadlang ba ang teknolohiya para ma-access ang mga serbisyong ito?

- Oo
- Hindi

Anu-anong mga serbisyo ang hindi mo natanggap, pero gusto mong magkaroon ka ng access? (Markahan ang lahat ng naangkop).

- Impormasyon tungkol sa lokal na pagtugon sa COVID (access sa bakuna, PPE, mga alituntunin para manatili sa bahay)
- Access sa mga serbisyo o pampublikong pagpupulong ng Lungsod
- Access sa pagkain
- Tulong sa pabahay
- Mga pansuportang serbisyo sa tahanan
- Tulong sa trabaho
- Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o serbisyong medikal
- Pagsasanay sa computer/teknolohiya
- Impormasyon sa transportasyon
- Mga serbisyo at programa na may kaugnayan sa kapansanan
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Tulong ng abugado
- Mga serbisyo tungkol sa imigrasyon
- Mga serbisyo at programa para sa kabataan na nasa edad ng transisyon
- Mga serbisyo at programa para sa pamilya
- Mga tulong na programa para sa pag-aalaga ng bata
- Mga serbisyo na nasa aking wika
- Mga serbisyo sa mga beterano
- Mga serbisyo para sa karahasan sa tahanan
- Iba pa: _____

SEKSYON 3: Tatanungin ng seksyong ito ang tungkol sa anumang hadlang o hamon sa teknolohiya na kinaharap mo sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Anu-anong mga hadlang o hamon ang kinaharap mo para makakuha ng Internet? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):

- Wala akong aparato (computer, tablet o smartphone)
- Hindi ko alam kung paano gamitin ang Internet
- Ang halaga ng isang aparato ay masyadong mahal
- Hindi ko kaya ang \$10 kada buwan na serbisyo ng Internet sa bahay (tulad ng AT&T o Comcast)
- Masyadong mahal ang sobrang mabilis na Internet

- Wala akong sapat na data sa aking smartphone
- Hindi maaasahang koneksyon sa Internet (hindi sapat na bilis)
- Hindi ko alam kung paano maglagay ng suskripsion para sa isang Tagapagkaloob ng Internet
- Mga hadlang sa wika (hindi sapat na mga serbisyo na nasa aking wika)
- Mga alalahanin tungkol sa kaligtasan/seguridad online
- Mayroon akong aparato, pero hindi ito akma sa akin
- May kapansanan ako at hindi ko ma-access ang web
- Wala akong Assistive (Pantulong) o Adaptive (Umaakma) hardware at/o software para ma-access ang Internet
- Hindi ko alam kung anong mga opsyon sa Assistive o Adaptive technology ang mayroon
- Ayoko ng Internet
- Hindi ako nakakaranas ng mga hadlang
- Iba pa: _____

SEKSYON 4: Tinatanong ng seksyon na ito ang tungkol sa iyong pagiging pamilyar sa paggamit ng Internet at mga aparato (tulad ng mga computer, tablet o smartphone).

Pakisabi sa amin kung paano mo ginagamit ang Internet (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):

- Hindi ko alam kung paano mag-online gamit ang Internet
- May email address ako
- Komportable akong magbasa at magpadala ng mga email
- Alam ko kung paano maghanap ng impormasyon online (tulad ng sa Google, Bing o Safari)
- Kaya kong sumali sa isang video call o event (tulad ng sa Zoom o Google Chat)
- Gumagamit ako ng social media (tulad ng Facebook, WhatsApp o WeChat)
- Kaya kong sumagot ng mga online na form o magbayad ng mga bayarin online

Mayroon bang makakapagbigay ng tulong sa iyo kung mayroon kang tanong tungkol sa kung paano gamitin ang iyong computer (kapamilya, kaibigan o tagapagkaloob ng serbisyo)?

- Oo, mayroong makakatulong sa akin
- Walang makakatulong sa akin
- Hindi Ko Alam
- Iba pa: _____

SEKSYON 5: Tatanungin ng seksyong ito ang tungkol sa kung paano ka nanatiling konektado sa pamilya, mga kaibigan at mga social activity at mga serbisyo online sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Paano ka nakakakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong kailangan mo sa panahon ng COVID-19 (tulad ng impormasyon tungkol sa mga bakuna, pabahay o access sa pagkain) (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):

- Mga tawag sa telepono
- Mga text na mensahe
- Dyaryo
- Sa mga Kaibigan o Pamilya
- Sa pamamagitan ng isang ahensiya o pampublikong pagpupulong ng Lungsod
- Sa pamamagitan ng isang organisasyon sa komunidad
- Sa pamamagitan ng isang mutual aid network
- Radyo
- Telebisyon
- Email
- Social media (tulad ng Facebook, Instagram o WeChat)
- Sulat
- Iba pa: _____

Sa nakaraang taon sa panahon ng COVID-19, lumahok ka ba sa anumang mga social activity online (tulad ng mga virtual na art class, mga online na oakasyon o mga group activity online)?

- Hindi kailanman
- Isang beses sa isang buwan
- Isang beses sa isang linggo
- Mahigit sa isang beses sa isang linggo
- Iba pa: _____

Gumamit ka ba ng mga platform para sa pakikipag-video conference tulad ng Zoom o Google Meet para kumonekta sa iba? (Lagyan ng check ang lahat ng naaangkop)

- Oo, ginagamit ko ito sa pamamagitan ng pagtawag sa aking telepono
- Oo, ginagamit ko ito nang may video sa aking computer, tablet o smartphone
- Hindi ako kailanman gumamit ng mga platform para sa pakikipag-video conference
- Hindi, at gusto kong makakuha ng pagsasanay sa kung paano gumamit nito
- Hindi ako interesado sa mga platform para sa pakikipag-video conference
- Iba pa: _____

SEKSYON 6: Tatanungin ng seksyong ito ang tungkol sa iyong access sa impormasyon sa kalusugan at mga serbisyo sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Sa panahon ng pandemyang COVID-19 mayroon ka bang mga hindi napuntahang medikal na apoyment o naantalang pangangalaga o mga paggamot?

- Oo
- Wala
- Hindi Ko Alam

Nakatanggap ka ba ng anumang pangangalagang pangkalusugan o mga serbisyo para sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng mga apoyment sa telepono o video (telehealth) sa panahon ng COVID-19?

- Oo
- Hindi
- Mas gugustuhing huwag sabihin

Anu-anong mga hamon ang mayroon ka sa pag-access ng mga medikal na serbisyo gamit ang mga pagpapatingin sa pamamagitan ng video o telepono (telehealth)?

- Kung nagkaroon ako ng access sa isang aparato(computer o smartphone), gagamit ako ng telehealth
- Kung nagkaroon ako ng access sa assistive o adaptive software, gagamit ako ng telehealth
- Kailangan ko pa ng pagsasanay sa paggamit ng telehealth
- Kung mas maa-access ko ang telehealth, gagamitin ko ito
- Mga hadlang sa wika (hindi sapat ang mga serbisyo na nasa aking wika)
- Wala akong mga alalahanin sa paggamit ng telehealth
- Iba pa: _____

SEKSYON 7: Tatanungin ng seksyong ito ang tungkol sa iyong paggamit ng Assistive o Adaptive Technology.

Pamilyar ka ba sa salitang Assistive Technology? (Ang Assistive Technology, o AT ay tumutukoy sa mga materyal, kagamitan, tool, bagay o mga aparato na nagpapahintulot sa mga tao na mamuhay nang mas nakakapag-isa)

- Oo
- Hindi
- Hindi ako sigurado

Kasalukuyan ka bang gumagamit ng anumang Assistive Technology (tulad ng mga screen-reader, ZoomText, Braille display, o mga naa-access na app sa iyong telepono)?

- Oo
- Hindi

Kung gumagamit ka ng Assistive o Adaptive Technology, mayroon pa bang ibang serbisyo na gusto mo? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Impormasyon tungkol sa mga opsyon sa Assistive Technology na magagamit ko
- Mga pagsasanay tungkol sa Assistive Technology
- Libre o murang kagamitan na Assistive Technology
- Libre o murang mga pagkukumpuni
- Iba pa: _____

SEKSYON 8: Inaanyayahan ka ng seksyong ito na magbahagi ng mga karagdagang pananaw o saloobin.

Mayroon ka pa bang ibang gustong ibahagi tungkol sa iyong mga hamon sa teknolohiya sa panahon ng COVID-19?

Mangyaring magbigay ng anumang mga mungkahi o ideya na maaaring mayroon ka para sa mga programa o serbisyo ng teknolohiya para sa mga mas matandang nasa hustong gulang at mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa San Francisco.

SEKSYON 9: Demograpikong Impormasyon

Sa seksyong ito, hinihiling namin sa iyong magbahagi ng ilang personal na detalye para matiyak naming may malalaman kami sa malawak ng pagkakaiba-iba ng mga komunidad ng may kapansanan at matanda ng San Francisco. Pakitandaan na lubos na kumpidensyal ang survey na ito.

Pakipili ang pahayag na pinakamahusay na naglalarawan sa iyo. (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Ako ay mas matandang nasa hustong gulang (edad na 60 at pataas)
- Ako ay nasa hustong gulang na may kapansanan (edad na 18 at pataas)
- Ako ay kabataan na nasa edad ng transisyon (edad na 18-24)
- Ako ay isang beterano
- Ako ay isang propesyonal na nagbibigay ng serbisyo sa may kapansanan o matanda
- Ako ay isang yaya o tagapaglingkod sa bahay
- Ako ay isang kapamilya o kaibigan ng isang taong may kapansanan o mas matandang nasa hustong gulang
- Ako ay magulang ng isang bata / kabataan na may kapansanan
- Ako ay kasalukuyang WALANG kapansanan
- Mas gugustuhing huwag sabihin
- Iba pa, pakitukoy _____

Ano ang pinakamahusay na naglalarawan sa iyong lahi o kinikilalang etniko?

- American Indian/Katutubong Amerikano/ Katutubo ng Alaska
- Itim o Aprikanong Amerikano
- Asyano/Silangang Asyano/Timog Asyano/Asyanong-Amerikano
- Latinx/Hispanic/Amerikanong Latin
- Katutubong Hawaiian o Pacific Islander
- Puti/Caucasian/European-American
- Middle Eastern o Hilagang Aprikano
- Maraming lahi o maraming etniko
- Mas gugustuhing huwag sabihin

Iba pa, pakitukoy _____

Ano ang mas gusto mong wika?

- American Sign Language
- Arabic
- Cantonese
- Ingles
- Japanese
- Korean
- Mandarin
- Russian
- Espanyol
- Tagalog
- Taishanese o Toishanese
- Vietnamese
- Mas gugustuhing huwag sabihin
- Iba pa, pakitukoy _____

Kinikilala mo ba ang sarili mo bilang tomboy, bakla, bisexual, transgender, queer o inalam pa ang kasarian, intersex o asexual?

- Oo
- Hindi
- Inalam pa ang kasarian, hindi sigurado
- Mas gugustuhing huwag sabihin
- Iba pa, pakitukoy _____

Sa anong kasarian mo kinikilala ang iyong sarili (kung mayroon)?

- Lalaki
- Babae
- Transgender
- Transgender na babae
- Transgender na lalaki
- Genderqueer/Gender non-conforming
- Non-binary
- Two Spirit
- Intersex

- Hindi ako sigurado sa aking kasarian/kinikilalang kasarian
- Mas gugustuhing huwag sabihin
- Iba pa, pakitukoy _____

Naglingkod ka ba nang buong serbisyo sa Hukbong Sandatahan, National Guard o sa reserbang pangkat ng militar?

- Oo
- Hindi
- Mas gugustuhing huwag sabihin

Ano ang iyong Edad?

- Wala pang 18
- 18-24
- 25-34
- 35-44
- 45-54
- 55-59
- 60+
- Mas gugustuhing huwag sabihin

Ano ang iyong kasalukuyang Taunang Kita ng Sambahayan bago bawasan ng mga buwis?

- Wala pang \$20,000
- \$30,000 - \$39,999
- \$40,000 - \$49,999
- \$50,000 - \$74,999
- \$75,000 - \$99,999
- \$100,000 - \$159,999
- \$160,000 o higit pa
- Hindi Ko Alam
- Mas gugustuhing huwag sabihin

Anong klase ng tirahan ang tinitirhan mo?

- Bahay na para sa isang pamilya
- Inuupahang silid
- Sinusuportahang pabahay
- Assisted living o board at care home
- Kasalukuyan akong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, o walang bahay
- Single-Room Occupancy (SRO) na hotel
- Abot-kayang pabahay
- Navigation center
- Pangmagdamagang silungan
- Naninirahan ako kasama ang pamilya o mga kaibigan
- Mas gugustuhing huwag sabihin
- Iba pa, pakitukoy _____

Zip Code (Ilagay ang 5 digit na zip code. Kung nakakaranas ng kawalan ng tirahan, ilita ang 00000) _____

Gusto naming masigurong naaabot namin ang maraming tao hanggang sa makakaya sa mga komunidad ng may kapansanan sa San Francisco. Alin sa mga sumusunod na uri ng kapansanan ang personal mong nararanasan? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Kapansanan sa paggalaw
- Bulag o malabo ang paningin
- Bingi o mahina ang pandinig
- Neurodivergent (Autism, TBI, OCD, atbp.)
- Mayroon akong IEP o 504 Plan
- Kapansanan sa kondisyon ng isip (PTSD, depression, anxiety)
- Kapansanan sa paglaki o intelektwal
- Kapansanan sa pagkatuto (dyslexia, dyscalculia, atbp.)
- ADHD/ADD
- Kapansanan sa pagtuon ng pansin o memorya (kawalan ng memorya)
- Hindi Gumagaling na Pananakit
- Hindi gumagaling na sakit (AIDS/HIV, MS, Kanser)
- Maliit na tao/tao na may mababang taas

- Nakaligtas sa trauma
- Walang kapansanan/katuwang o katulong
- Mas gugustuhing huwag sabihin
- Inaalam pa
- Iba pa, pakitukoy _____

Ano ang katayuan ng iyong trabaho? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Nagtatrabaho nang full-time o regular
- Nagtatrabaho nang part-time o hindi permanente
- Estudyante
- Walang trabaho, naghahanap ng trabaho
- Walang trabaho, hindi naghahanap ng trabaho
- Walang trabaho, hindi makapagtrabaho
- Self-employed/kontratista/consultant
- Retirado
- Mas gugustuhing huwag sabihin

Salamat sa pagkumpleto ng survey na ito!

Salamat sa pagsagot sa survey na ito. Mahalaga ang iyong mga tugon, at nagpapasalamat kami sa iyong pagbabahagi ng mga saloobin at karanasan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Thriving in Place (Pag-unlad sa Lugar) at sa proyekto ng Pagtantiya sa Pangangailangan sa Teknolohiya, makipag-ugnayan sa amin sa DigitalEquity@tipsf.org, tumawag sa 415-593-8129, o bisitahin kami online www.tipsf.org/digital-equity

Kung interesado kang lumahok sa raffle para sa \$50 na gift card, pakilagay sa ibaba ang iyong pangalan, email at numero ng telepono. Gagamitin lang namin ang impormasyong ito para makipag-ugnayan sa iyo kung mananalo ka sa raffle. Aabisuhan ang mga nanalo sa telepono o sa email. Magbibigay ng kabuuang limang (5) gift card.

Opsyonal na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: Pakisabi sa amin kung paano ka namin maaaring makontak.

Pangalan _____

Email Address _____

Numero ng Telepono _____